# Tungkol sa Pagbabakuna Laban sa COVID-19

Maaari kang pumili ng alinman mula sa mass venue sa pampublikong pasilidad (mass vaccination) o sa klinika ng doktor ng pamilya at iba pa (individual vaccination) bilang lugar ng pagbabakunahan.

Ang pagbabakuna ay isinasagawa sa pamamagitan ng appointment lamang. Dahil kailangan ibigay ang bakuna laban sa COVID-19 nang dalawang beses, **ang pangalawang pagbabakuna (parehong oras sa parehong araw ng linggo pagkatapos ng tatlong linggo) ay maaaring tanggapin sa parehong pasilidad matapos ang unang appointment** ng parehong mass vaccination at individual vaccination. (Hindi kailangan ng pangalawang appointment.)

## ■ Araw at oras ng pagsisimula ng pagtanggap ng appointment / iskedyul ng araw ng pagsisimula ng pagbabakuna

Kung ikaw ay 65 taong gulang o pataas, nagsimula na ang pagtanggap ng appointment.

| Target na edad | Araw ng kapanganakan | Simula ng pagtanggap ng appointment | Araw ng pagsisimula ng pagbabakuna |
|---|---|---|---|
| 65 taong gulang o pataas | Bago ang Abril 1, 1957 | Mula Mayo 6 (Huwebes), 9:00 ng umaga | Mayo 24 (Lunes) |
| Mga may underlying condition | | Mula Hunyo 21 (Lunes), 9:00 ng umaga | Bandang maagang Agosto |
| 60 - 64 taong gulang | Mula Abril 2, 1957Abril 1, 1962 | | |
| 40 - 59 taong gulang | Mula Abril 2, 1962Abril 1, 1982 | Mula Hulyo 19(Lunes), 9:00 ng umaga | Bandang kalagitnaan ng Agosto |
| 16 - 39 taong gulang | Mula Abril 2, 1982Abril 1, 2006 | Mula Agosto 2 (Lunes), 9:00 ng umaga | Bandang maagang Setyembre |
| 12 - 15 taong gulang | Mula Abril 2, 2006Abril 1, 2010 | Ipapaalam namin sa inyo sa lalong madaling panahon na ito ay napagpasyahan | |

<<Mga bagay na dapat tandaan>>

1 Hindi maaaring kumuha ng appointment sa pamamagitan ng online o awtomatikong voice guidance bago mag 9:00 ng umaga sa araw ng pagsisimula ng pagtanggap ng appointment dahil sa system maintenance.

2 Kung kukuha ng appointment sa online, makukumpleto ang pagkuha ng appointment kapag may naka-display na “May Appointment” sa column ng unang appointment sa My Page, at naka-display ang impormasyon ng appointment. Kaya mangyaring kumpirmahin ito ng mabuti.

## ■ Mga proseso ng pagbabakuna

① **Para sa mga mayroong malalang sakit at nag-aalala sa pagbabakuna tulad ng nag-iinom ng gamot, mangyaring kumpirmahin sa inyong doktor kung maaari kang tumanggap ng bakuna.**

↓

② **Pagpasyahan ang venue, araw at oras ng iyong nais na appointmment sa pagbabakuna.**

Para sa venue, araw at oras, tingnan ang “Iskedyul ng mass vaccination para sa pagbabakuna laban sa COVID-19” at “Listahan ng mga institusyong medikal na nagsasagawa ng pagbabakuna laban sa COVID-19”.

* Maaaring hindi ma-secure ang iyong nais na araw at oras depende sa katayuan ng appointment.

↓

③ **Kumuha ng appointment.**

Mangyaring tingnan ang “Paano kumuha ng appointment para sa pagbabakuna laban sa COVID-19”.

↓

④ **Isang linggo bago ang araw ng pagbabakuna, ang lungsod ay magpapadala ng “appointment confirmation letter” kung saan nakasaad ang araw at oras ng pagbabakuna at iba pa.**

↓

⑤ **Pumunta sa vaccination venue sa araw at oras ng appointment.**

Mangyaring tingnan ang likod na bahagi para sa mga bagay na dadalhin at mga bagay na dapat pag-ingatan sa araw ng pagbabakuna.

## ■ Ano ang mga dadalhin sa araw ng pagbabakuna

(1) Form ng paunang medikal na pagsusuri na pinunan in advance
(2) Mga dokumento na ipinadala sa oras na ito tulad ng kupon para sa pagbabakuna at iba pa (Mangyaring huwag alisin ang sticker.)
(3) Mga dokumento na nagpapatunay ng pagkakakilanlan (lisensya sa pagmamaneho, insurance card at iba pa)
(4) Medical record handbook (para lamang sa mga mayroon nito)
(5) Appointment confirmation letter (Ipinadala sa koreo sa isang linggo bago ang araw ng pagbabakuna.)

## ■ Mga bagay na dapat pag-ingatan

(1) Ang parte na iiniksyonan ng bakuna ay ang kaliwang braso. Mangyaring pumunta nang nakasuot ng damit na madaling ilabas ang iyong kaliwang braso. Gayundin, iwasang magsuot ng damit na mahirap suotin at tanggalin tulad ng dress shirt.
(2) Mangyaring pumunta nang nakasuot ng face mask.
(3) Mangyaring sukatin ang iyong temperatura sa bahay sa araw ng pagbabakuna. (Hindi kailangan punan ang form ng paunang medikal na pagsusuri.)
(4) Kapag masama ang pisikal na kondisyon tulad ng may lagnat o may sipon, mangyaring makipag-ugnay sa call center (0256-33-8780).
(5) Maaaring magbago ang iskedyul ng pagbabakuna, atbp. Ipapaalm namin sa inyo sa pampublikong information paper ng Sanjo o website ng lungsod.

## ■ Tungkol sa diskwento ng pamasahe sa taxi

I-didiskwento ang pamasahe para sa balikang biyahe sa vaccination venue kapag sumakay ng taxi ng isang lokal na kumpanya ng taxi sa lungsod.

≪Naaangkop≫ Mga taong tatanggap ng pagbabakuna (hindi mahalaga ang edad.)

≪Halaga ng diskwento≫ 500 yen para sa one-way trip bawat isang beses bawat tao x apat na beses (maaaring magamit ng maraming tao.)

≪Pamamaraan≫ Mangyaring ipakita ang iyong appointment confirmation letter sa driver ng taxi kapag sumakay. Ang appointment confirmation letter ay ipapadala isang linggo bago ang araw ng pagbabakuna. *Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang appointment confirmation letter.

### Ang impormasyon sa pagbabakuna laban sa COVID-19 ay ipinapahayag sa Twitter

Pangalan ng Account　三条市新型コロナウイルス ワクチン最新情報【公式】
**(Sanjo City COVID-19 Pinakabagong Impormasyon sa Bakuna [Opisyal] )**

Username　@wakuchin_sanjo

